



COVID-19

Frequently Asked Questions – Tagalog Mga Palaging Tinatanong – Tagalog

Marso 23, 2020

Tanong	Sagot
<i>Paano mag-aaral ang mga estudyante natin na may mga kapansanan sa panahon ng pagsasara ng paaralan?</i>	<p>Ang mga packet na dadalhin sa tahanan na naglalaman ng mga babasahing materyales at mga takdang-gawain ay inihanda para sa lahat ng mga estudyante ng LAUSD.</p> <p>Dagdag pa dito, nakipagsosyo ang LAUSD sa PBS, SoCal, KCET, at KLCSTV upang magbigay ng libreng suplementong pang-edukasyong rekurso at dulugan upang suportahan ang pag-aaral sa panahon ng mga pagsasara ng paaralan. Kasama dito ang mga pang-edukasyong programming at mga online resource para sa Pre-K-12. Ang mga online na dulugan ay libre at maaaring makuha sa accessed sa https://achieve.lausd.net/resources</p>
<i>Bibigyan ba ang aking anak ng aparato at/o pantulong na teknolohiya na kinakailangan upang magamit ang distance learning?</i>	<p>Nagtatrabaho nang masigasig ang LAUSD upang masiguro na ang lahat ng mga estudyante ay may access sa mga online resource at magpapatuloy sa pagbibigay ng mga aparato sa mga estudyante sa susunod na ilang linggo. Para sa mga estudyante na tinalagaan na ng pantulong na teknolohiyang aparato ayon sa kanilang IEP, nagtatrabaho ang LAUSD upang masiguro na ang lahat ng mga pantulong na teknolohiyang aparato ay makukuha ng estudyante. Kung may mga tanong ka tungkol sa pantulong na teknolohiya, mangyaring kontakin si Kari Tapie @ ktapie@lausd.net.</p>
<i>Tumatanggap ang aking anak ng mga nauugnay na serbisyo (ibig sabihin, Pananalita, Inangkop na Pisikal na Edukasyon, Occupational Therapy, atbp.). Matatanggap ba ang mga serbisyong ito sa panahon ng pagsasara ng paaralan?</i>	<p>Sa normal na sitwasyon, ang mga estudyanteng may kapansanan ay tumatanggap ng direktang suporta mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo. Dahil sa mga inuutos na gawin para sa social distancing na nagreresulta mula mga pag-iingat sa COVID-19, ang paghahatid ng mga nauugnay na serbisyo ay kailangang i-akma at i-angkop upang paganahin ang mga oportunidad sa distance learning. Ang LAUSD ay gumagawa ng isang plano sa pagbibigay ng mga suportang ito sa mga estudyante.</p>
<i>Sino ang kokontakin ko tungkol sa (mga) tagapagbigay ng serbisyo ng aking anak?</i>	<p>Ang mga magulang ay hinihimok na makipag-ugnayan sa mga guro at mga tagapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng email. Para sa mga karagdagang tanong tungkol sa mga tagapagbigay ng serbisyo, maaari mong kontakin ang Special Education Office (Opisina sa Espesyal na Edukasyon) sa iyong Lokal na Distrito.</p> <p>LD Northwest (818) 654-3600 LD East (323) 224-3100 LD Northeast (818) 252-5400 LD West (310) 914-2100 LD Central (213) 241-0126 LD South (310) 354-3400</p>
<i>Ang aking estudyante ay nasa alternatibong kurikulum, anong mga suporta sa pag-aaral ang ibibigay?</i>	<p>Ang mga guro ay gagawa ng mga materyales at dulugan upang suportahan ang mga estudyante na nasa alternatibong kurikulum. Ang mga instructional online resource para sa alternatibong kurikulum ay makukuha ng mga estudyante at mga magulang sa pamamagitan ng aming LAUSD website https://achieve.lausd.net/resources at Unique Learning Systems (ULS).</p>
<i>Bukas pa rin ba ang mga sentro ng espesyal na edukasyon?</i>	<p>Hindi, ang mga Sentro ng Espesyal na Edukasyon ay mga paaralan ng LAUSD at napapailalim sa mga kautusan na ang lahat ng mga paaralan na pinapatakbo ng Distrito ay kailangang magsara.</p>
<i>Ano ang plano para sa Extended School Year (ESY) 2020?</i>	<p>Ang Distrito ay patuloy na magpapalano para sa ESY na tentatibong naka-iskedyul sa Hunyo 29-Hulyo 24, 2020. Subalit, nauunawaan namin na depende sa sitwasyon sa oras na iyon, kailangang i-angkop ang plano at maaari itong magbago.</p>
<i>Kung mayroon akong pagpupulong ng pangkat ng IEP na nakatakda sa panahon ng pagsasara, gaganapin pa rin ba ito?</i>	<p>Ang Distrito ay gumagawa ng plano upang ganapin ang mga pagpupulong ng IEP sa remote na paraan (ibig sabihin, teleconferencing, videoconferencing, atbp.). Ang anumang nalaktawang mga pagpupulong ng pangkat ng IEP dahil sa pagsasara na dulot ng COVID-19 ay muling ii-iskedyul alinsunod sa planong ito.</p>
<i>Ang aking anak ay may pagtatasa naka-iskedyul sa panahon ng pagsasara? Tatasahin pa rin ba siya?</i>	<p>Ang Distrito ay gumagawa ng plano upang ganapin ang mga pagtatasa sa panahon ng pagsasara ng paaralan. Ang anumang nalaktawang mga pagpupulong ng pangkat ng IEP dahil sa pagsasara na dulot ng COVID-19 ay muling ii-iskedyul alinsunod sa planong ito.</p>
<i>Tatanggap ba ang aking anak ng kompensatoryong oras para sa mga serbisyong hindi natanggap sa panahon ng pagsasara?</i>	<p>Kapag bumukas na ulit ang paaralan, magpupulong ang mga pangkat ng IEP at gagawa ng pang-indibidwal na pasya tungkol sa kung kinakailangan ba o hindi ang kompensatoryong edukasyon at mga serbisyo.</p>